Headline	Ekonomiya aangat pa sa UHC Law — Angara
MediaTitle	Abante Tonite Online (www.abante-tonite.com)
Date	05 May 2019
Section	NEWS
Order Rank	2
Language	English
Journalist	N/A
Frequency	Daily

Ekonomiya aangat pa sa UHC Law — Angara

Tiwala si reelectionist Senator Sonny Angara na dahil sa pagpasa ng libreng kolehiyo at libreng tulong pangkalusugan, posibleng mas umangat pa ang kasalukuyang estado ng ekonomiya ng bansa.

Ayon kay Angara, ang dalawang mahahalagang batas, ang Free College Education Law at ang Universal Healthcare (UHC) Law kung saan isa siya sa mga awtor, ang magpapasikad sa human capital ng bansa na siya namang magiging puhunan ng economic growth.

“Dahil meron na tayong libreng college education at meron na rin tayong libreng healthcare, hindi lang ang kakayahan ng ating mamamayan ang ating mapalalakas, kundi partikular nating mapananatiling malusog ang ating ekonomiya,” anang senador.

Bilang isa sa mga awtor ng Free College Law, malaki ang paniniwala ni Angara na tanging edukasyon lamang ang magpapaangat sa buhay ng isang tao at natatanging paraan upang maging patas ang oportunidad ng bawat isa.

Ngayong taon, P46 bilyon ang inilaang pondo ng gobyerno para sa pagpapatupad ng libreng kolehiyo, na ayon sa senador ay pinakamalaking budget para sa free college education sa buong kasaysayan ng Pilipinas.

Si Angara ang tumayong sponsor ng 2019 budget ng Commission on Higher Education at ng state universities and colleges (SUCs) sa Senado.

Sa ngayon, umaabot na sa 800,000 mag-aaral ang naka-enrol sa 112 SUCs at 78 local universities and colleges at pawang benepisyaryo ng libreng kolehiyo. Samantala, sinabi ng senador na kung mananatili ring malusog ang mamamayan, malaking aspeto rin ito upang makatulong ang bawat Pilipino sa positibong takbo ng ekonomiya.

Bilang isa sa mga awtor ng UHC Law, itinulak din ni Angara ang pagkakaroon ng libreng check-up, libreng laboratory tests at ng ilang gamot, gayundin ang awtomatikong pagsakop ng PhilHealth sa bawat Pilipino.
“Magkasakit lang ang isang kamag-anak, mababaon na sila agad sa utang at kahirapan. Hindi dapat ganyan ang nangyayari sa Pilipinas na hinahangad natin,” ani Angara.